

HANDA KA NA BA PARA SA **EL NIÑO?**

ANO ANG EL NIÑO?

Ang El Niño ay isang natural na penomenong pangklima na dulot ng mas mainit-init kaysa sa karaniwang temperatura ng tubig sa Karagatang Pasipiko.

Sa Katimugang California, maaaring mapataas ng El Niño ang posibilidad ng:



Malakas na ulan



Pagbaha



Mga pagguho ng putik at daloy ng mga labi (debris)



Matinding init



Mga pagsasara ng kalsada at mga pagkaantala sa paglalakbay

BAGO ANG BAGYO


- ✓ Maghanda ng emergency supply kit na may sapat na gamit para sa hindi bababa sa tatlong araw:

**Tubig • Pagkain • Mga Baterya • Flashlight
Mga gamit para sa alagang hayop • Mga gamot**

- ✓ Magdala ng mga sako ng buhangin (sandbag) kung ang iyong ari-arian ay madalas bahain.
- ✓ Mag-sign up para sa mga alerto sa emerhensya.
- ✓ Itago ang mahahalagang dokumento sa lalagyang hindi tinatagusan ng tubig.
- ✓ Linisin ang mga alulod at imburnal sa iyong ari-arian.
- ✓ Alamin ang mga ruta ng paglikas.

ALAMIN ANG IYONG PANGANIB SA BAHA

- Mag-ingat nang higit pa kung nakatira ka sa lugar na madalas bahain (High-Risk Flood Zone).
- Ang mga mabababang lugar ang pinakamapanganib, ngunit maaaring mangyari ang pagbaha kahit saan.



SA PANAHON NG BAGYO

- ✓ Huwag na huwag magmaneho sa mga kalsadang may baha.
- ✓ Huwag na huwag maglakad sa tubig-baha.
- ✓ Sundin ang mga direksyon mula sa mga opisyal ng emerhensya.
- ✓ Subaybayan ang mga update sa panahon at mga alerto sa emerhensya.
- ✓ Lumipat sa mas mataas na lugar kung may banta ng pagbaha sa inyong lugar.
- ✓ Lumayo sa mga ilog, sapa, at mga daluyan ng bagyo.

**I-SCAN PARA SA
KARAGDAGANG
IMPORMASYON.**

sandiego.gov/elniño

